

高等学校等就学支援金（給付）

Pansuportang Pondo para sa Pag-aaral sa Senior High School atbp. (Ayuda)

毎月の授業料や年間の受講料を支援する制度です。（4月に申請受付・全員手続）

Programa ito ng pagsuporta sa buwanang tuition at matrikula para sa isang taon. (Abril ang pagtanggap ng application at proseso para sa lahat)

1 手続

高校等へ入学した生徒は、原則全員が申請手続を行う必要があります。

令和5年度から原則、オンラインでの申請となっています。

オンライン申請に必要となるID、パスワードや手続方法は入学決定後に各家庭に郵送します。

1 Proseso

Sa patakaran, kailangang magsagawa ng proseso ng pag-apply ang lahat ng estudyanteng nag-enrol sa senior high school atbp.

Bilang patakaran, kaillangang gawin ang online application mula sa taong 2023. Ang ID, password, at pamamaraan na kinakailangan sa online application ay ipapadala sa bawat pamilya sa pamamagitan ng koreo pagkatapos lumabas ang desisyon sa pagpasok sa paaralan.

2 対象者

次のいずれにも該当する者

- ・ 広島県内の公立高校等に在学する生徒
 - ・ 保護者等全員の「課税標準額（課税所得額）×6%－市町村民税の調整控除の額」の合計額が304,200円未満※
- ※ 年収の目安は4人家族で約910万円未満となります。

ただし、次の方は対象となりません。

- ① 高等学校等を既に卒業したことがある生徒や3年（定時制課程・通信制課程は4年）を超えて在籍している生徒（以前に高等学校等に在籍した期間がある場合はその期間も含める。）
- ② 科目履修生や聴講生

2 Mga Taong Eligible

Taong sumasailalim sa lahat ng mga sumusunod:

- Estudyanteng naka-enrol sa pampublikong senior high school atbp. sa loob ng Hiroshima prefecture
- Mas mababa sa 304,200 yen* ang total na halaga ng "Pamantayang halaga para sa pagpataw ng buwis (halaga ng income na papatawan ng buwis) x 6% - halaga ng pang-adjust na pagbabawas ng municipal residence tax" ng lahat ng mga magulang o guardian atbp.

* Mas mababa sa mga 9,100,000 yen para sa pamilya ng 4 na katao ang huwaran ng taunang kita.

Subalit hindi sakop ang mga sumusunod:

- ① Estudyanteng nakapagtapos na ng senior high school atbp. o estudyanteng lampas sa 3 taon (4 na taon kung part-time course o correspondence course) nang naka-enrol sa eskuwela (Kung may panahong naka-enrol na dati sa senior high school atbp., kasama rin ang panahong iyon.)
- ② Estudyanteng kumukuha ng piling subject o audit student

3 支給額

授業料（例：全日制で月額9,900円・年額118,800円）又は受講料に相当する額が国から県・市へ支給され、対象者の授業料等に充当されます。

これにより、生徒・保護者等の授業料等の負担が実質0円となります。


3 Halagang Ibibigay

Ibibigay ng national government sa prefecture / city ang halagang katumbas ng tuition (Hal. Buwanang halagang 9,900 yen / taunang halagang 118,800 yen sa full-time course) o matrikula, at ilalaan ito sa tuition atbp. ng taong eligible.

Sa ganitong paraan, magiging 0 yen kung tutuusin ang gastos sa tuition atbp. ng estudyante, magulang o guardian atbp.

★ 国立・私立高校等にも同様の制度があります。詳しくは進学先の学校へ確認してください。


★ 期限までに申請されなかった場合は、就学支援金が受けられないため、気を付けてください。



(例) 全日制課程：年額118,800円の就学支援金を授業料に充てます

★ Mayroon ding katulad na programa sa pambansa / pribadong senior high school atbp. Mangyaring tiyakin ang mga detalye sa tutuluyang eskuwela.

★ Mangyaring mag-ingat dahil hindi matatanggap ang pansuportang pondo para sa pag-aaral kung hindi nag-apply hanggang sa deadline.



(Hal) Full-time course: luukol sa tuition ang taunang halagang 118,800 yen ng pansuportang pondo para sa pag-aaral

[手続にはマイナンバーの提出が必要です!]

就学支援金の制度の手続において、保護者等全員のマイナンバー（個人番号）を提出していただく必要があります。

※ 税の申告を行っていない場合、申請いただいても所得確認ができませんので、事前に市区町村において、個人住民税の申告手続をお願いします。

[Kailangan ang pagsusumite ng My Number para sa proseso!]

Sa proseso ng programa ng pansuportang pondo para sa pag-aaral, kailangang isumite ang My Number (Individual Number) ng lahat ng mga magulang o guardian atbp.

* Kung hindi pa isinasagawa ang tax declaration, dahil hindi matitiyak ang income kahit mag-apply, hinihiling na isagawa muna sa inyong munisipalidad ang declaration ukol sa individual residence tax.

問合せ先

広島県教育委員会 教育支援推進課

電話番号：082-222-3015（就学支援係）

〔受付時間〕月曜日～金曜日（祝日を除く）午前9時～午後5時まで

電子メールアドレス：kyosuishin@pref.hiroshima.lg.jp

Mapagtatanungan

Education Support Promotion Division, Hiroshima Prefecture Board of Education

Telepono: 082-222-3015 (School Attendance Support Section)

〔Oras ng Tanggapan〕Lunes - Biyernes (liban sa holiday) 9:00 am hanggang 5:00 pm

Email Address: kyosuishin@pref.hiroshima.lg.jp